
# KALIGTASAN NG KOMUNIDAD MULA SA SUNOG SA KAGUBATAN

Public Safety Power Shutoff

## Isang Mensahe Mula sa Liberty

Para mabawasan ang panganib na magkaroon ng mga sunog sa kagubatan sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin, ang Liberty ay nagsasagawa ng mga Public Safety Power Shutoff (PSPS) upang pansamantalang patayin ang kuryente kapag may malaking panganib na magkasunog dahil sa kalagayan ng panahon.

Nauunawaan naming hindi kailanman kumbinyente ang mga pagkawala ng kuryente, at makapagtitiwala ang mga kostumer namin na maagap lang na papatayin ng Liberty ang kuryente para sa kapakanan ng kaligtasan.



## Paano Nagpapasiya ang Liberty Kung Kailangan ang Isang PSPS

Ginagamit ng Liberty ang mga istasyon ng pagbantay panahon na nakakalat sa buong pinaglilingkurang lugar at nakikipagtulungan sa National Weather Service sa Reno, Nevada, at sa mga lokal na opisyales sa sunog para bantayan ang lokal na mga lagay ng panahon suriin kung kailangan ba ng PSPS para mabawasan ang panganib na magkasunog sa kagubatan.

## MGA POSIBLENG MAGING DAHILAN

### Mga Babala

Itinataas ng National Weather Service para magbabala sa pagsisimula, o posibleng pagsisimula, ng mapanganib na lagay ng panahon o mga tuyong kalagayan na maaaring humantong sa mabilis na pagdami ng mga sunog.

### Malalakas na Hangin at Pagbugso ng Hangin

Ang malalakas na hangin ay maaaring humantong sa maraming bagay na posibleng magsimula ng sunog. Ang mga paghangin ay maaari ring magpalawak sa mga sunog at kaya pa ngang magtangay ang mga baga at magsimula ng mga bagong sunog.

### Mababang Lebel ng Halumigmig


Mas malamang na magliyab ang mga tuyong bagay kapag kaunti lang ang halumigmig sa hangin.

### Mga Tuyong Kalagayan

Ang mga puno at iba pang mga halaman ay maaaring maging panggatong sa mga wildfire. Ang mga ito ay mas malamang na magliyab at kumalat agad kapag mababa ang lebel ng halumigmig yamang madaling natutuyo ang tubig mula rito.

### 24/7/365 na Pagbabantay

Ang Liberty ay naglagay ng 26 na mga weather station sa aming buong service area para bantayan ang mga bagay na posibleng magsimula ng wildfire. Karagdagan pa, tinutulungan kami ng buong-panahong pagmamatyag ng Reax Engineering at ng National Weather Service.




## Mga Lugar sa Tahoe na Posibleng Maapektuhan

- Ang mga lugar na pinaglilingkuran ng Liberty ay itinalaga bilang "Delikado" o "Napakadelikado" na mga Lugar na Maaring Magkasunog ng CAL FIRE, ibig sabihin malaki ang tiyansa na magkasunog dahil sa kapaligiran ng rehiyon at sa posibilidad na masunog.
- Ang espesipikong lugar at dami ng mga apektadong kostumer ay tutukuyin base sa kaso at depende sa mga circuit na nasa panganib.
- Kahit hindi nakatira o nagtatrabaho ang isang kostumer malapit sa lugar na nasa panganib, maaaring pa rin silang mawalan ng kuryente kung ang komunidad nila ay nakadepende sa linya na dumadaan na lugar na mapanganib ang kalagayan.

**Mga Linya ng LU**
**Pinaglilingkurang Lugar**
**California**
**Nevada**
**Antas 2 na Panganib**
**Antas 3 na Panganib**

## Proseso ng Pagbibigay-abiso Tungkol sa PSPS

Kung may posibleng isagawang PSPS, bibigyang-alam ng Liberty ang mga kostumer, lokal na pamahalaan, at ahensiya ng kaligtasan na kailangang patayin ang kuryente at patuloy na magbabalita sa komunidad habang nagbabago ang lagay ng panahon.

### Panahon Kung Kailan Magbibigay-Abiso (kapag posible)

- Mga 48 oras bago patayin ang kuryente
- Mga 24 oras bago patayin ang kuryente
- Ilang sandali bago patayin ang kuryente
- Habang may PSPS
- Sa sandaling ligtas nang naibalik ang kuryente

Ang iba't-ibang bagay na isinasaalang-alang ng Liberty bago magpasiyang patayin ang kuryente ay pabagu-bago. Dahil dito, dapat maghanda ang mga kostumer sa mga pagkakataong kailangang magsagawa ng PSPS nang walang patiunang 48 oras na abiso.



### Paano Kami Magbibigay-abiso

Susubukan ng Liberty na kontakin ang mga kostumer sa pamamagitan ng pagtawag, pagtext, at pag-email gamit ang mga impormasyong nasa amin. Magpo-post rin kami ng mga abiso sa aming website at mga Facebook at Twitter account.

## Paano Maghahanda ang mga Kostumer

Ang Liberty ay nagtuturo at naghahanda sa mga kostumer at komunidad tungkol sa mga panganib ng mga sunog sa kagubatan at potensyal na pagsasagawa ng PSPS, ngunit hindi namin ito kayang gawin mag-isa. Dapat isaalang-alang ng mga kostumer ang mga sumusunod upang maihanda ang kanilang mga tahanan, negosyo, at pamilya:

- Tawagan ang 1-800-782-2506 para kumpirmahin na ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay bago at para makatanggap ng mga abiso.
- Ilagay ang iyong mga importanteng dokumento sa lugar na di-tinatablan ng apoy at gumawa ng mga elektronikong kopya na napoprotektahan ng password para mabawasan ang tiyansang mawala ito sa panahon ng sakuna.
- Magplano para sa mga medikal na pangangailangan na maaaring maapektuhan ng isang pagpatay sa kuryente, lakip ang mga gamot na kailangang nasa ref o mga aparato na kailangan ng kuryente. Itala ang anumang medikal na pangangailangan na kailangan ng kuryente sa 1-800-782-2506.
- Gumawa ng emergency kit na naglalakip sa, pero hindi limitado sa, mga flashlight, suplay ng pangunang lunas, at mga lokal na mapa. Kumonsulta sa Ready.gov para sa karagdagang mga kakailanganin sa emergency kit.

**MATUTO NG HIGIT TUNGKOL SA MGA PLANONG LIBERTY PARA MAKA-IWAS SA SUNOG**

Tawagan kami sa 1-800-782-2506 | Bisitahin ang LibertyUtilities.com/wildfiresafety/
I-follow kami sa Facebook (@LibertyUtilitiesLT) Twitter (@LibertyUtil_CA)